

-missio omnium delictorum. Per Dominum.

at para sa mga nabubuhay at nangamatay na kapatid sa pananampalataya, nawa'y makatulong ito upang matamo nila ang kapatawaran ng lahat ng kanilang kasalanan. Alang-alang sa Anak Mo...

Sa dakong Paghayo at Pagbabasbas sa katapusan ng Misa, haharap ang pari sa bayan, sasabihin ang mga katagatang "Humiliáte cápita vestra Deo" (Iyuko niyo ang inyong mga ulo sa Dios.)

PAGPAPANALANGIN SA SAMBAYANAN

MENTES nostras, quásumus, Dómine, lúmine tuæ claritátis illústra: ut vidére possímus, quæ agénda sunt; et, quæ recta sunt, agere valeámus. Per Dominum.

ANG aming mga isipan, O Poon, nawa'y malinawagan ng iyong kaluwalhatian, nang aming maaninag ang dapat naming kilos at kami'y magkaroon ng lakas upang gawin ang tama. Alang-alang kay Jesucristo...

Harmandad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite ©2022
Comision Para sa Pagsasalin

MISA PARA SA APAT NA ARAW NG PANAHON SA PANAHON NG CUARESMA o tinatawag na din na «de Temporas»

Ang *de Temporas* o *Apat na Pagluhog sa Pag-inog ng Taon* ay ang mga tanging araw kung saan tayo'y dumudulog sa Diyos habang nagtitika tayo sa ating mga kasalanan. Mahalaga ang mga panahong ito upang lalo nating isabuhay ang ating pananampalataya na naka-ugat sa Panginoon. Isa pa ay ang ating pagpapasalamat sa lahat ng biyaya na ating tinanggap sa Kaniya. Ngayong *Cuaresma*, mas pina-iigting natin ang ating pakikibaka laban sa damdaming makalaman at makamundong hilig. Sa mga Pagbasa at Panalangin sa Misa na ating mababasa o maririnig ngayong araw, ito'y lahat patungkol sa dapat nating taglayin na kaisipan at pamumuhay: malinis, dalisay, at nasa tamang landas na nasa Panginoon. Kung sisikapin nating gumawa ng tama, araw-araw tayong nagsusumikap na maging "ganap tulad ng Ama sa langit."

MISA NG MIYERKULES

Misa "Reminiscere"

• Paggunita • Simple • Lila

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • *Is 45:8*

REMINISCERE miseratiónum tuárum, Dómine, et misericórdiæ tuæ, quæ a século sunt: ne umquam dominéntur nobis inimíci nostri: líbera nos, Deus Israél, ex ómnibus angústíis nostris. — *Ps 24:1-2* Ad te, Dómine, levávi ánimam meam: Deus meus, in te confido, non erubéscam. *V.* Gloria Patri. Reminiscere.

ALALAHANIN mo, Panginoon, ang 'yong awa at pagmamahal na ipinakita mo na mula pa noong araw: huwag mo kaming ipahintulot sa aming mga kaaway. Tubusin mo kami, O Dios ng Israel, sa lahat ng aming kagipitan. — *Ps 24:1-2* Sa 'yo ko itinataas, Panginoon, ang aking kaluluwa. Sa 'yo ako nananalig, O aking Diyos, 'di ako mapapahiya. *V.* Luwalhati sa Ama. — Alalahanin...

Sasambitin ng pari o diakono ang mga ito:

V. Flectuamus genua.

R. Levate.

PRECES nostras, quásumus, Dómine, cleménter exáudi: et contra cuncta nobis adversántia, déxteram tuæ majestátis exténde. Per Dóminum.

V. Tayo'y lumuhod.

R. Tumayo.

BUONG awa mong pakinggan, O Panginoon itong aming mga panalangin, at itaas ang iyong kanang kamay laban sa lahat ng aming mga kaaway. Alang-alang kay Jesucristong...

Pagbasa mula sa aklat ng Exodo.

NOONG PANAHOONG IYON: Nagwika ang Poon kay Moises: Umakyat ka rito sa akin sa bundok at tumigil dito. Ibibigay ko sa iyo ang mga tapyas ng bato, ang Aral at Utos na isinulat ko upang turuan sila.” Kaya umalis si Moises at ang kanyang ayudanteng si Josue, at bago umakyat sa Diyos, sinabi ni Moises sa mga matatanda: “Maghintay kayo rito hanggang sa aming pagbabalik. Kasama ninyo sina Aaron at Hur, sa kanila dumulog ang sinumang may problema.” Nang umakyat si Moises sa bundok, tinakpan iyon ng ulap. Bumaba ang Luwalhati ng Panginoon sa Bundok Sinai, at binalot ng ulap ang bundok sa loob ng anim ng araw. At sa ikapitong araw, tinawag niya si Moises mula sa gitna ng ulap. Napakitang parang naglalagablab na apoy sa tuktok ng bundok ang Luwalhati ng Panginoon sa paningin ng mga Israelita. At pumasok sa ulap si Moises at umakyat sa bundok. Apatnapung araw at apatnapung gabi si Moises sa bundok. — *R. Salamat sa Diyos.*

PANINGIT NA AWIT • Ps 24:17-18

TRIBULATIONES cordis mei dilatatae sunt: de necessitatibus meis eripe me, Domine.
V. Vide humilitatem meam, et laborem meum: et dimitte omnia peccata mea.

PAGINHAWAHIN ang paninikip ng aking kalooban, palayain ako sa gipit kong kalagayan, O Panginoon.
V. Masdan mo ang dusa at hirap kong dinaranas, at pawiin ang lahat kong kasalanan.

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEVOTIONEM populi tui, quaesumus, Domine, benignus intende: ut, qui per abstinentiam macerantur in corpore, per fructum boni operis reficiantur in mente. Per Dominum.

SA PAMIMINTUHO nitong iyong bayan, hinihiling namin, O Panginoon, nawa’y iyong tingnan at kasiyahan: na sa pamamagitan ng pagliban nila sa hilig ng kanilang pangangatawan sa pamamagitan ng pangilin, nawa’y manariwa ang kanilang kaluluwa sa pamamagitan ng mga bunga nitong mga mabubuting gawain. Alang-alang kay Jesucristong...

Sa mga Misa ngayong araw, idaragdagang ang ika-2 panalangin, “Upang Hingin Ang Pamamagitan Ng Mga Banal”; ika-3 panalangin, “Para Sa Mga Nabubuhay At Sa Mga Yumao.”

INTELLEGE clamorem meum: intende voci orationis meae, Rex meus et Deus meus: quoniam ad te orabo, Domine.

PAKINGGAN ang sigaw ng paghingi ko ng saklolo, O aking Hari at aking Diyos! Sa ’yo ako sumasamo, O Panginoon.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

TUI, Domine, perceptione sacramenti, et a nostris mundemur occultis, et ab hostium liberemur insidiis. Per Dominum.

SA pagtanggap namin nitong iyong sacramento, o Panginoon, nawa’y malinis kami mula sa aming natatagong mga sala, at mailigtas mula sa patibong ng aming mga kaaway. Alang-alang kay Jesucristo...

Upang Hingin Ang Pamamagitan Ng Mga Banal

MUNDET et muniat nos, quaesumus, Domine, divini sacramenti munus oblatum: et, intercedente beata Virgine Dei Genetrice Maria, cum beato Joseph, beatis Apostolis tuis Petro et Paulo, beato N., (atque beato patre nostro Benedicto), et omnibus Sanctis, a cunctis nos reddat et perversitatibus expiatis, et adversitatibus expeditis. Per eundem Dominum.

PAGTIBAYAN at malinisan nawa kami, aming iniluluhog sa iyo, Panginoon, sa pamamagitan ng mabathalang sakramento na inihandog namin: at, sa pamamagitan ng banal at maluwalhating Birheng Maria, Ina ng Diyos, kasama ni San José, ng iyong mga kabanal-banalang mga apostol na si Pedro at Pablo at ni San(ta) N., (kaisa rin ng ating mahal na amang San Benito) at lahat ng mga santo, linisin mo nawa kami sa lahat ng aming maling gawain, at iligtas sa lahat ng kapahamakan.. Sa pamamagitan pa rin...

Para Sa Mga Nabubuhay At Sa Mga Yumao.

PURIFICENT nos, quaesumus, omnipotens et misericors Deus, sacramenta quae sumpsimus: et, intercedentibus omnibus Sanctis tuis, praesta; ut hoc tuum sacramentum non sit nobis reatus ad poenam, sed intercessio salutaris ad veniam: sit ablutio scelerum, sit fortitudo fragilium, sit contra omnia mundi pericula firmamentum: sit vivorum atque mortuorum fidelium re-

MALINIS nawa ang aming kalooban, makapangyarihan at mahabaging Diyos, sa tinanggap naming banal na misterio: at pakundangan sa pagdalangin ng iyong mga Santo, ang sakramento na ito ay hindi nawa maging sanhi ng aming pagkakasala at pagpaparusa, ngunit bilang isang pamamaraan ng pagpapatawad at pagliligtas; makapagpahugas sa aming diwa mula sa pagkakasala; maging sandigan ito sa aming kahinaan; maging pananggol sa mga sakuna;

Para Sa Mga Nabubuhay At Sa Mga Yumao.

DEUS, cui soli cognitus est numerus electorum in superna felicitate locandus: tribue, quaesumus; ut, intercedentibus omnibus Sanctis tuis, universorum, quos in oratione commendatos suscepimus, et omnium fidelium nomina, beatæ prædestinationis liber adscripta retineat. Per Dominum.

PREPASYO NG KWARESMA

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutære, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens, ætérne Deus.

Qui corporáli ieiúanio vítia cómprimis, mentem élevas, virtútem largírís et práímia: per Christum Dóminum nostrum.

Per quem maiestátem tuam laudant Angeli, adórant Dominatiónes, tremunt Potestátes. Cæli cælórumque Virtútes, ac beáta Séraphim, sócia exsultatióne concélebrant. Cum quibus et nostras voces ut admítteri iúbeas, deprecámur, súpplici confessióne dicéntes:
— Sanctus, Sanctus, Sanctus...

O DIYOS, ikaw lamang nakakaalam ng bilang ng mga nahalal na makamtan ang kaligayahan sa langit. Igawad mo nawa, aming isinumamamo sa iyo, sa pagdalangin ng Iyong mga santo, nawa'y lahat ng mga pangalan na aming inihabilin sa aming panalangin at sa panalangin ng sambayanang sumasampalataya ay marapat na mapabilang sa aklat ng mga pinagpala. Alang-alang sa Anak Mo...

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan:

Sapagkat sa pagpapakasakit ng katawan, sinusugpo mo ang aming masasamang hilig at itinataas ang aming isipan; binibigyan kami ng lakas at ginagagantimpalaan, alang-alang kay Kristong aming Panginoon.

Kaya sa pamamagitan Niya, ang makapal na mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng mga Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at sumasamba sa iyong kamahalan. Nagbubunyi rin ang mga hukbo ng langit at ang mga Serapin ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo. Kaya kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

Upang Hingin Ang Pamamagitan Ng Mga Banal

A CUNCTIS NOS, quæsumus, Dómine, mentis et córporis defénde perículis: et, intercedénte beáta et gloriósa semper Vírgine Dei Genetríce María, cum beáto Joseph, beátis Apóstolis tuis Petro et Paulo, beáto **N.**, (atque beato patre nostro Benedicto), et ómnibus Sanctis, salutem nobis tribue benígnus et pacem; ut, destrúctis adversitatibus et erróribus univérsis, Ecclésia tua secúra tibi sérviat libertáte. Per eúndem Dóminum.

Para Sa Mga Nabubuhay At Sa Mga Yumao.

OMNIPOTENS sempiternæ Deus, qui vivorum dominaris simul et mortuarum, omniumque misereris, quos tuos fide et opere futuros esse prænoscis: te supplices exoramus; ut, pro quibus effundere preces decrevimus, quosque vel præsens sæculum adhuc in carne retinet, vel futurum iam exutos corpore suscipit, intercedentibus omnibus Sanctis tuis, pietatis tuæ dementia omnium delictorum suorum veniam consequantur. Per Dominum.

IPAGTANGGOL MO KAMI mula sa lahat ng mga panganib sa aming katawan ang pag-iisip, Panginoon, hinihiling namin: at sa pamamagitan ng banal at maluwalhating Birheng Maria, Ina ng Diyos, kasama ni San José, ng iyong mga kabanal-banalang mga apostol na si Pedro at Pablo at ni San(ta) **N.**, (kaisa rin ng ating mahal na amang San Benito) at lahat ng mga santo, puspusin mo nawa kami ng kaligtasan at kapayapaan sa pamamagitan ng iyong kabutihan, nang sa ganoon ay sa pagkawasak ng kahirapan at kamalian, nawa ay mapagsilbihan kayo sa kapayapaan ng Santa Iglesiang hirang. Sa pamamagitan pa rin...

MAKAPANGYARIHAN at walang-hanggan Diyos, ikaw ang naghahari sa nangamatay at sa mga nabubuhay, at maawain sa lahat na nakakaalam na sila ay sa Iyo dahil sa pananampalataya at mabuting gawain. Pakumbaba naging isinasamo namin sa iyo, para sa kanila na ang aming mga panalangin ay ibinuhos, kung sila man ay nanatili pa sa kanilang katawang-lupa o kaya'y tinanggap na sa kabilang buhay ang kanilang kaluluwa, nawa'y sa iyong pag-ibig at kabutihan, at sa panalangin ng mga Santo, makamit nawa nila ang kapatawaran ng lahat ng kanilang mga kasalanan. Alang-alang sa Anak Mo...

PAGBASA • 3 Hari* 19: 3-8 (*1 Hari)

Pagbasa mula sa aklat ng mga Hari.

NOONG PANAHOONG IYON: Dumating si Elías sa Berseba ng Juda at iniwan doon ang kanyang alalay. Maghapon naman siyang naglakbay pa-disyerto. Pagdating niya sa may punong-walis, naupo siya sa lilim niyon at nanalangin na

mamatay na sana siya: “Tama na, O Panginoon. Kunin mo na ang aking buhay sapagkat wala akong ipinag-iba sa aking mga ninuno.” Nahiga siya at nakatulog sa lilim ng puno. At heto, hinipo siya ng isang anghel, at sinabi sa kanya: “Bumangon ka’t kumain.” Tumingin si Elias at nakita niya sa kanyang ulunan ang isang tinapay na niluto sa mainit na bato at isang bangang tubig. Kumain siya at uminom at muling nahiga. Dumating sa ikalawang pagkakataon ang anghel ng Panginoon, hinipo siya at sinabi sa kanya: “Bumangon ka’t kumain sapagkat napakahaba pa ng lalakbayin mo.” Bumangon siya, kumain at uminom. At bunga ng nakuha niyang lakas sa pagkaing iyon, apatnapung araw at apatnapung gabi siyang naglakad pa-Horeb na Bundok [ng Diyos]. — **R. Salamat sa Diyos.**

PANINGIT NA AWIT • Ps 24:1-4, 17-18

DE necessitatibus meis éripe me, Dómine: vide humilitátem meam et labórem meum: et dimítte ómnia peccáta mea.

V. Ad te, Dómine, levávi ánimam meam: Deus meus, in te confido, non erubéscam: neque irrídeant me inimíci mei.

V. Etenim univérsi, qui te exspéctant, non confundéntur: confundántur omnes faciéntes vana.

PALAYAIN ako sa gipit kong kalagayan, O Panginoon. Masdan mo ang dusa at hirap kong dinaranas, at pawin ang lahat kong kasalanan.

V. Sa ’yo ko itinataas, Panginoon, ang aking kaluluwa. Sa ’yo ako nananalig, O aking Diyos, di ako mapapahiya ni pagtatawanan ng aking mga kaaway.

V. Hindi, hindi nga mapapahiya ang sa ’yo umaasa, kundi ang mga basta na lamang lumalayo sa ’yo para sa wala.

EBANGHELYO • Mt 12:38-50

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

NOONG PANAHONG IYON: Sinabi noon ng ilang guro ng Batas at mga Pariseo: “Guro, gusto naming makakita ng tanda mula sa iyo.” Sumagot si Jesus: “Isang palatandaan ang hinihiling ng masama at di-tapat na lahing ito ngunit walang palatandaang ibibigay sa kanila, maliban sa palatandaan ni Propeta Jonas. Kung paanong tatlong araw at tatlong gabing nasa tiyan ng balyena si Jonas noon, gayundin naman tatlong araw at tatlong gabing mananatili sa ilalim ng lupa ang Anak ng Tao. Sa paghuhukom, babangon ang mga taga-Ninive kasama ng mga taong ito at hahatulan ang salinlahing ito sapagkat nagpanibagong-buhay sila sa pangangaral ni Jonas, at dito’y may mas dakila pa kay Jonas. Sa paghuhukom, babangon ang Reyna ng Timog, kasama ng mga taong ito at hahatulan sila. Sapagkat dumating siya mula sa kabilang dulo ng mundo para masaksihan ang

karunungan ni Solomon, at dito’y may mas dakila pa kay Solomon. Kapag lumabas sa tao ang maruming espiritu, nagpapalabuy-laboy ito sa mga dakong walang tubig sa paghahanap ng lugar na mapagpapahingahan, at wala naman itong makita. Kaya sinasabi nito: ‘Babalik ako sa inalisan kong bahay.’ At pagbabalik nito, nakikita nitong di magulo ang bahay kundi malinis at maayos. Kaya naghahanap ito at nagdadala pa ngayon ng pitong espiritung mas masama pa kaysa kanya. Pumapasok sila at doon nananatili; kaya mas masama pa ang magiging kalagayan ng taong iyon kaysa dati. Ganito rin ang mangyayari sa salinlahing ito.” Nagsasalita pa si Jesus sa mga tao nang dumating ang kanyang ina at mga kapatid para makipag-usap sa kanya, at naghihintay sila sa labas. Kaya may nagsabi sa kanya: “Nasa labas ang iyong ina at mga kapatid; gusto ka nilang makausap.” Sumagot si Jesus sa nagsabi sa kanya: “Sino ang aking ina? Sino ang aking mga kapatid?” At itinuro niya ang kanyang mga alagad at sinabi: “Narito ang aking ina at mga kapatid. Ang nagsasagawa sa kalooban ng aking Ama sa Langit ang aking kapatid na lalaki at kapatid na babae at ina.” — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 30:15-16

MEDITABOR in mandátis tuis, quæ diléxi valde: et levábo manus meas ad mandáta tua, quæ diléxi.

MALULUGOD ako sa mga kautusan mo sapagkat minamahal ko ang mga ito. Iaangat ko ang aking mga kamay sa iyong mga kautusan na aking minamahal.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

HOSTIAS, tibi, Dómine, placatiónis offérimus: ut et delicta nostra miserátus absólvas, et nutántia corda tu dírigas. Per Dominum.

INIAALAY namin sa iyo, O Panginoon, itong paghahain ng pagtitika, nang buong awa niyong patawarin ang aming mga sala at akayin mo ang aming mga pusong mahihina. Alang-alang kay Jesucristo...

Upang Hingin Ang Pamamagitan Ng Mga Banal

EXAUDI nos, Deus, salutáris noster: ut, per hujus sacraménti virtútem, a cunctis nos mentis et córporis hóstibus tueáris; grátiam tríbuens in præsénti, et glóriam in futúro. Per Dominum.

PAKINGGAN mo kami, O Diyos na aming manliligtas: at sa iyong nakakagaling na sakramento, ipagtanggol Mo kami sa kaaway ng katawan at isipan. Pagkalooban Mo nawa kami ng grasya ngayon, at kaluwalhatian sa panghinaharap. Sa pamamagitan...